MAPLE STREET CORRECTIONAL CENTER (BILANGGUAN) (MSCC)
1300 Maple Street Redwood City, CA 94063
(650) 599-3000 www.smcsheriff.com

MGA ORAS NG PAGBISITA NG PUBLIKO SA PAMAMAGITAN NG VIDEO

Linggo/Martes/Miyerkules/Huwebes/Biyernes:

8:00 AM – 8:30 AM	2:00 PM – 2:30 PM
9:00 AM – 9:30 AM	3:00 PM – 3:30 PM
10:00 AM – 10:30 AM	7:00 PM – 7:30 PM
12:00 PM – 12:30 PM	8:00 PM – 8:30 PM
1:00 PM – 1:30 PM	9:00 PM – 9:30 PM

Walang iniiskedyul na pagbisita ng publiko tuwing LUNES

Sabado:

12:00 PM – 12:30 PM
1:00 PM – 1:30 PM
2:00 PM – 2:30 PM
3:00 PM – 3:30 PM
7:00 PM – 7:30 PM
8:00 PM – 8:30 PM
9:00 PM – 9:30 PM

PANGKALAHATANG IMPORMASYON TUNGKOL SA PAGBISITA

1. Ang mga bilanggo ay pinapayagang bisitahin nang 30 minuto nang dalawang (2) beses kada pitong araw, na hindi hihigit nang isang beses sa isang araw. Ang nakatakdang pitong araw para sa bawat bilanggo ay posibleng magbago depende sa pinakahuling petsa ng pagbisita.
2. Ang lahat ng bisita ay kailangang paunang magparehistro sa www.smartjailmail.com, nang maaga nang kahit 24 na oras man lang. Posibleng may 48 oras na panahon ng pagpoproseso sa pagitan ng pagpaparehistro at kakayahang iiskedyul ang unang pagbisita. Kakailanganin mong ibigay ang impormasyong nakasaad sa iyong **KASALUKUYAN/VALID** na ID na may larawan na ibinigay ng gobyerno. Ang website ay nagbibigay ng online na tulong sa kung paano magparehistro at gamitin ang sistema ng pagbisita. Puwedeng iiskedyul ang mga pagbisita nang maaga nang hanggang isang linggo.
3. Ang mga bisita ay puwedeng hindi na pabisitahin, mawalan ng mga pribilehiyo sa pagbisita sa hinaharap, at maharap sa pag-uusig para sa krimen dahil sa, pero hindi limitado sa mga sumusunod na dahilan: mukhang gumamit ng anumang substance at paninira o pagwasak sa lugar ng pagbisita o pag-aari ng pasilidad na idinulot ng bisita o bilanggo.
4. Kailangang magdamit nang naaangkop ang mga bisita. Halimbawa:
    a. Ang mga pang-ibaba tulad ng mga shorts, palda, at bestida ay dapat maging kasing haba man lang ng dulo ng mga daliri kapag nasa tabi mo ang mga braso.
    b. Bawal ang mga bare midriff, low-cut top, tank top, o anumang labis na nagpapakita ng balat/nakakatukso na kasuotan.
    c. Bawal ang orange o pulang damit, kasuotan ng gang, o mga simbolo ng gang.
    d. Bawal ang mga bandana, hairnet, hood, o sumbrero.
    e. Bawal ang mga steel-toed na bota o sapatos na hindi makakalampas sa metal detector. (Pagbisita sa pasilidad)
    f. Bawal ang mga “stiletto” na uri ng heels, dahil makakadagdag ito sa posibilidad na magtamo ng injury sa pasilidad. (Pagbisita sa pasilidad)
5. Ang mga bisita na magsasama ng mga hindi awtorisadong tao sa pagbisita ay hindi na papabisitahin at posibleng mawalan ng mga pribilehiyo sa pagbisita sa hinaharap. Sa panahon ng pagbisita, iniaatas sa bisita na manatili sa session ng pagbisita. Kung aalis ang bisita sa session ng pagbisita, matatapos ang session ng pagbisita.

6. Ang sinumang tao na pinalaya mula sa pagkakakulong sa County ng San Mateo sa nakalipas na 6 na buwan ay hindi papahintulutang bumisita sa loob ng 6 na buwan pagkatapos ng petsa ng kanilang paglaya nang walang paunang pag-apruba. Ang sinumang tao na dating hinatulan ng (mga) kasong krimen na gustong bumisita ay kailangan ding makakuha ng paunang pag-apruba (PC §4571).
7. Posibleng kanselahin ang mga pagbisita nang walang paunang abiso dahil sa mga panseguridad na dahilan at/o anupamang dahilan na itinuturing na mahalaga ng pasilidad at/o ng itinalaga nitong tao. Kakailanganin mong magpaiskedyul ulit, kung naaangkop.

PROSESO NG PAGBISITA SA PAMAMAGITAN NG VIDEO SA PASILIDAD (MSCC LOBBY):

1. Papayagan ang hanggang tatlong (3) bisita kada pagbisita sa pamamagitan ng video sa pasilidad.
2. Ang lahat ng bisita na pipiling bumisita sa pasilidad ay gagamit ng mga istasyon sa pagbisita sa pamamagitan ng video sa Maple Street Correctional Center para bisitahin ang mga bilanggong nasa MSCC. Ang mga bisita sa pasilidad na gagamit ng video ay kailangang mag-check in sa staff sa MSCC Lobby nang maaga nang kahit 15 minuto man lang bago ang oras ng pagsisimula ng kanilang pagbisita at hindi mas maaga sa 45 minuto bago ang nakaiskedyul na pagbisita.
3. Ang paunang pagpaparehistro para sa pagbisita sa pamamagitan ng video sa pasilidad sa MSCC ay kailangang kumpletuhin online sa www.smartjailmail.com.
4. Hindi papayagan ang mga tao na wala pang 18 taong gulang na bumisita nang walang kasamang adult na miyembro mismo ng pamilya. Ang miyembro mismo ng pamilya ay tinutukoy bilang lolo o lola, ama, ina, kapatid, o legal na tagapangalaga. Ang mga anak na menor de edad ay dapat magdala ng kanilang sertipiko ng kapanganakan, kasalukuyang ID sa paaralan, ID sa U.S., o lisensya sa pagmamaneho na may larawan.
5. Hindi puwedeng iwanan ang mga bata kung saan-saan sa ari-arian ng pasilidad anumang oras. Posibleng may miyembro ng Service League of San Mateo County na makakapagbantay sa mga bata sa mga partikular na oras sa Family Waiting Room na matatagpuan sa lobby. Bago bumisita, kailangan mong makipag-ugnayan sa Service League sa (650) 364-4664 para maisaayos nang maaga ang serbisyong ito.
6. HINDI pinapayagan sa lugar ng pagbisita ang mga cell phone, electronic device (kabilang ang mga smart watch), gum, inumin, o pagkain. Magagamit nang libre ang mga locker para sa maliliit na item.

ANG ANUMANG HINDI NAAANGKOP NA PAKIKITUNGO SA MGA STAFF O IBA PANG BISITA O HINDI PAGSUNOD SA KINAKAILANGANG KASUOTAN AY MAGRERESULTA SA AGARANG PAGWAWAKAS NG PAGBISITA AT POSIBLENG MAGRESULTA SA PAGKAWALA NG MGA PRIBILEHIYO SA PAGBISITA SA HINAHARAP.

PROSESO NG U.S.P.S. SA PAGHAHATID NG SULAT SMCSO ID# _____

Puwede kang kumuha ng SMCSO ID# sa www.smc-inmatelocator.org. Ang personal na sulat ay dapat iproseso ayon sa sumusunod:

1. Mailing Address:
   Smart Communications - San Mateo County Jail
   Attention to (ilagay ang PANGALAN-NUMERO NG ID NG BILANGGO)
   P.O. BOX 9126
   Seminole, FL 33775-9126
2. Kailangan mong ilagay ang iyong pangalan at return address.
3. Hindi puwedeng may anumang dekorasyon ang mga sobre.

MGA PAGDEDEPOSITO NG PERA www.accesscorrections.com (636) 888-7004

Kung gusto mong magdeposito ng pera sa kanyang account, bumisita sa website na nakasaad sa itaas para kumpletuhin ang transaksyon gamit ang iyong debit o credit card o pumunta sa kiosk sa lobby ng pasilidad.

SERVICE LEAGUE www.serviceleague.org (650) 364-4664

Nag-aalok sila ng iba't ibang programa at serbisyo sa lahat ng pang-adult na koreksyonal na pasilidad sa County ng San Mateo.